BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 11 10.00 DECEMBER 12 - 18, 2022




*Kasama si Noveleta Mayor Dino Reyes Chua, namigay si Sen. Imee Marcos ng mabitaminang 'nutribun' sa mga batang mag-aaral ng Ateheneum School kamakailan.*

*Bumibisita sa iba-ibang siyudad at bayan ang Nutribun Bus para magpakain ng nutribun -- na unang sumikat sa panahon ni dating Presidente Ferdinand Marcos Sr. sa layuning mapigilan ang pagkabansot at mapalusog ang isip at katawan ng batang Pilipino.*

# Sen. Imee, Mayor Dino namigay ng libreng Nutribun

**BB Cental Desk –** Alam na nyo na sa East Asia at sa Pacific Region, ikalima ang Pilipinas sa 10 bansa na may pinakamaraming batang nababansot ang paglaki dahil sa walang masusustansiya at mabitaminang pagkain?

Ito ang iniulat ng World Bank (WB) na sinabi na sa loob ng 30 taon ay walang matinong programa ang nakaraang mga administrasyon upang masolusyunan ang kulang na nutrisyon sa pagkain ng mga sanggol at mga batang mag-aaral.

Dahil dito, pinagsisikapan ni Sen. Maria Imelda Josefa 'Imee' Marcos na buhayin at pasiglahin ang pagkain ng nutribun sa mga sanggol na edad 3-5 taon at sa mga batang mag-aaral upang mapalusog ang kanilang isip at katawan.

Kamakailan, kasama si Noveleta Mayor Dino Reyes Chua, bumisita si Sen. Imee sa Atehenuem School at namigay ng masustansiyang Nuribun.

Sa panayam ng lokal na media sa senadora, sinabi niya inumpisahan ang nutribun feeding program noong 1974 sa mga mga batang mag-aaral ng publikong paaralan na unang ginawa ng United States Agency for International Development (USAID).

Ito, sabi ni Sen. Marcos ay ipinagpatuloy ng kanyang ama, si dating President Ferdiannd E. Marcos Sr., na "nakatulong upang mapalusog ang mga batang kulang sa nutrisyon ang kinakaian."






Sa kasalukuyan, gumagawa ng sariling version ng nutribun ang Department of Science and Technology at Food and Nutrition Research Institute (DOST-FNRI) na mula sa kamote, carrots, kalabasa, malunggay at iba pang lokal na sangkap na siksik sa masarap na lasa at sustansiya.

Wika ng senadora, kailangang muling buhayin at pasiglahin ang nutribun feeding program para masulusyunan ang kulang na sustansiya sa pagkain ng mga batang mag-aaral.

Nitong nakaraang mga araw, bumisita ang Nutribub Bus ni Marcos at mamigay ng tinapay na nutribun sa mga bayan at siyudad sa Rizal, Cebu, Ilocos Norte katuwang ang mga opisyal ng Department of Social Welfare and Development (DSWD), mga narangay health workers (BHWs), kasama ang mga alkalde at mga opisyal ng narangay.

Nagpasalamat si Mayor Dino Reyes-Chua kay Sen. Imee sa pagbisita sa Noveleta at sa patuloy na pagbibigay ng ayuda at iba pang tulong sa mga mamamayan, lalo na sa panahon ng kalamidad at iba pang okasyon.

# SM Cares, HOPE magkatuwang sa maayos, masinop na pagtatapon at paglilikom ng basurang plastik



**Ms. Liza Silerio**
SM VP for Corporate Compliance Group

**BB Central Desk –** May mapagtatapunan na ng mga basurang gawa sa plastik ang mga mallgoers

*Sundan sa pahina 8*






# Balik Probinsiya itinu-tulak ni Kuya Bong

**ni LOY BELTRAN –** Upang maikalat at mabalanse ang paglago ng buhay at kabuhayan ng pamilyang Filipino, muling itinutulak ni Senator Christopher Lawrence 'Kuya Bong' Go ang Balik Probinsya program.

Masyado nang masikip at marami ang tao sa Metro Manila at upang mapaluwag ito, ummapela si Kuya Bong sa gobyerno na bigyan ng ayuda ang mga nais magbalik sa kani-kanilang pinanggalingang lalawigan.

"I am appealing to the executives to continue helping those who wish to go back in the provinces," sabi ng senador matapos na magbigay ng ayudang salapi at pagkain sa mahigit na 1,330 residente na pinerwisyo ng bagyong 'Paeng' sa Brgy. San AntAntonio, Noveleta, Cavite kamakailan.

Nagbibigay na rin ng ayuda at tulong sa pagbabalik probinsiya ang Department of Social Welfare and Development (DSWD, sabi ni Kuya Bong.

Inumpisahan ang programa sa panahon ni dating Presidente Rodrigo Roa Duterte sa bisa ng inilabas na Executive Order 114 noong Mayo 6,2020 na nagbigay pagkakataon sa mga residente sa mga siyudad sa Metro Manila at karatig lugar na nais bumalik sa kani-kanilang lalawigan.

Binigyan ng sapat na panimulang salapi, libreng paghahatid sa lalawigan at iba pang tulong ang naibigay ng nakaraang administrasyon sa mga kuwalipikadong nagbalik probinsiya sa nakaraang administrasyon.

# IRR ng SIM card registration, ilabas na

**ng BB DESK –** Hiniling ni Justice Secretary Jesus Crispin'Boying' Remulla sa mga mambabatas na ilabas na ang implementing rules and regulations (IRR) ng SIM Card Registration Act na magpapalakas sa kampanya ng gobyerno laban sa online sexual exploitation of children (OSEC).

Ginawa ito ni Remulla matapos na bumisita sa kanya kamakailan si Mama Fatima Singhateh, special rapporteur ng United Nations (UN) na may kinalaman sa pagsasamantalang sexual at pagbebenta ng mga batang babae at lalaki.

Ani Remulla, gumagamit ng prepaid at data services ang mga sindikato at kung mailalabas agad ang IRR ng SIM Card Registration Act, makatutulong ito upang matukoy ang makilala ang mga kriminal na umaabuso sa mga bata.

Sa miting, binigyan ni Remulla ng isang opisyal na sulat si Singhateh na inisa-isa ang mga hakbang ng gobyerno upang masawata ang mga problema ng child sexual exploitation.



**Justice Secretary Jesus Crispin 'Boying' Remulla**

Una rito, nagbabala si Remulla sa lahat ng kompanya ng telecom at internet service providers (ISPs) na hindi susunod sa Republic Act 9775 (Anti Child Pornography Act of 2009) ng nag-uutos na maglagay ng software upang hindi maipalabas ang malalaswang panoorin sa internet at iba pang social media platform.










# Dasmariñas honored for nutrition programs

The Dasmariñas City government has received the Green Banner Seal of Compliance for its nutrition programs.

It was the second time the city received the recognition from the National Nutrition Council-Calabarzon.

Dasmariñas Mayor Jenny Barzaga said the award shows that the city government is ready to do all to combat malnutrition and to ensure that children in the city would be healthy and active.

Children's nutrition is one of her priorities, said Barzaga,

"Naniniwala ako sa sinabi ng ating pambansang bayani na si Dr. Jose Rizal na ang kabataan ang pag asa ng bayan. Kung kaya't isa sa aking misyon ay mabigyan ng pagpapahalaga ang kalusugan ng mga kabataan na siyang magiging susunod na pagasa ng Dasmariñas," Barzaga said./ POLITIKO South Luzon

# Pag-aralang mabuti ang MIF: Manong Enrile

**ni DOMZ CAOILE –** Marami ang natatakot, baka raw ang bilyon-bilyon pisong pondo ng panukalang Maharlika Investment Fund (MIF) ay malustay lang nang walang mabuting pakinabang sa bansa.

Natatakot ang mga kritiko na mangyaring maibulsa lamang ang pera ng taumbayan.

Sa panayam ng Sonshine Media Network International (SMNI) kamakailan kay Presidential Legal Adviser dating Senate President Manong Juan Ponce 'JPE' Enrile, pinayuhan niya si Presidente Bongbong Marcos na mabuting pag-aralang mabuti ang nais likuming P275-billion sovereign wealth fund.

Payo ni Manong JP: " Mr. President, let's study it carefully because) that will be written during your time. Maybe your successor would not understand your good aspirations and squander the fund then you would be blamed because you signed the law."

Kailangan, payo ng batikang abogado, maglagay ng safeguards nang maingatan ang pondo, at yung hahawak niyon ay mabigyan ng pananagutan nila kung magkaroon ng problema.

"I'm not against it, but I want to be sure that the President will not be historically damaged. That is my duty to him as his legal counsel," sabi ni Manong JPE sa SMNI.

Sina Presidential Son, Ilocos Norte Sandro Marcos at pinsang buo ni PBBM, Speaker Martin Romualdes ang pangunahing awtor ng House Bill 6398 na nagpapanukala sa pagbuo ng Maharlika Investment Fund.

Dumaan na sa maraming amyenda ang panukala na ipinupwesto ang Finance Secretary na chairman of the board of directors at iba pang board of driectors mula sa pirbadong sektor.

Sa unang panukala, nais na si PBBM ang ipuwestong chairman ng sovereign welatht fund.

Mungkahi ni JPE sa


Former Senator ENRILE at Pres. Bongbong MARCOS

Pangulo: kuhanin ang P275-B MIF sa panukalang P5.268-Trillion national budget for 2023.

Mas mabuti, sabi ni Enrile na ipatong na responsibilidad ng gobyerno ang pamamahala sa MIF at higpitan ang pananagutan ng mga direktor na hahawak sa pondo.

Sa mga kritiko, sinabi ni PBBM na kailangan ang MIF dahil kailangan ng bansa upang makabangon ang ekonomya ng bago at dagdag n.a investment.

Mabuti at inalis na sa panukala na kumuha ng pera mga sa GSIS at SSS na ayon sa desisyon ng Supreme Court ay hindi pwedeng pakialaman ng gobyerno dahil ang pondo ng dalawang ahensiya ay salapi ng pribadong tao.

Hati ang mga kongresista at senador sa panukalang MIF, kaya ang bilin ni Pres. Marcos, ipinauubaya niya sa mga mambabatas ang magpasiya kung dapat o hindi dapat na maituloy ang sovereign wealth fund.

"Antayin natin kung anong gawin ng legislature," sabi ng Pangulo.

# Piñol: Press freedom is not absolute

**by LUKAS da SILVA –** In his Facebook post, former Agriculture Secretary Manny Piñol that his victory in a cyberlibel case against journalist Frank Cimatu was a "very important lesson on responsible and accountable journalism."

Cimatu, a Baguio based journalist, was found guilty by a Quezon Regional Trial Court of cyber libel over a 2017 post, said he will file an appeal at the Court of Appeals.

Pinol, himself a former journalist before he entered the government service, said in his post that "purveyors of fake news who slander and shame people to the point of dishonoring



Journalist Frank Cimatu: Tuloy ang laban

them and destroying their lives must not be allowed to seek refuge behind a mantle called Press Freedom when called to account for the transgression they have committed."

Meanwhile, opposition Senator Risa Hontiveros said she will file a bill decriminalizing libel.

Hontiveros said that the libel laws have been weaponized to stifle very basic fundamental rights.

"These laws have been used to constantly attack many of our freedoms, but particularly the freedom of the press, " said Hontiveros.

She added: "We need to decriminalize libel if we are to truly defend press freedom."

In a decision dated Dec. 12, the QC RTC t Branch 93 sentenced Cimatu to up to 5 years, 5 months, and 11 days in prison, plus P300,000 in moral damages to Pinol.

The QC court found malice in the social media post of Cimatu that read: "Agri Sec got rich by 21 M in 6 months. Bird flu pa more."

The Cimatu post, the court said "was not only malicious, but also outright erroneous."

Pinol said the P21M as alleged by Cimatu "ay hindi pera."

"xxx kundi halaga ng pananim at Manok Pinoy breeders na naparami ko at inilagay sa Tax Returns kasi


Former Agri Sec. Manny Piñol

nangutang ako ng P10-M sa Land Bank and this was before I was appointed as Agriculture Secretary," Pinol explained.

Pinol who is also a sports bloger said that despite the clarification and demand to Cimatu to correct his post, " Cimatu was adamant and even ridiculed those who came to my defense calling them trolls."

Thus, he filed a cyber libel case against fellow journalist Cimatu.

Cimatu said that his conviction had a chilling effect which may force other journalists and content creators to be wary of what they post online.

Cimatu said that despite the court ruling, he would continue his work as a journalist and keep posting humorous content on his Facebook account.

# 50% Discount sa Ads, simula Enero-Marso 2023

MULING inulit ng Civil Service Commission (CSC) ang warning sa lahat ng government officials at employees ang pagbabawal ng pagtanggap ng regalo o anumang pabuya ngayong Pasko at Holidays, at sa kahit anong panahon at pagkakataon.

Magandang utos ito, pero ang tanong, sino ang magsusumbong sa CSC kung ang isang opisyal o empleyado ng gobyerno ay tumanggap ng Christmas gifts ngayong aligaga na ang lahat sa mga party, sosyalan -- na madalas, iniimbita ang mga bossing ng mga samahan ng media, ng karaniwang mamamayan o ng mga non-government organization.

E kulturang Pinoy ang mamigay ng regalo o mag-exchance gifts pag Pasko o kung may Happy New Year's gatherings.

E wala namang sapat na dami ng tauhan ang CSC para 'mag-espiya' kung sino-sino ang nagba-violate ng utos at batas tungkol sa pagbabawal na humingi o tumanggap ng gifts o commission ang isang government official sa isang tao o kompanya na may nilalakad na transaksiyon sa gobyerno.

Gusto nga natin na mabawasan ang korapsiyon sa gobyerno pero ito ang isa sa pinakamabigat na problema ng CSC at ng anti-graft bodies tulad ng Ombudsman at ng Sandiganbayan.

Napakarami nang kampanya, kilusan, at mga batas na ginawa para masugpo ang graft and corruption pero nagpapatuloy pa rin ito.

Ano nga kaya ang mabuting solusyon, mga kabayan?

@@@



REVANZE

by Domz B. CAOILE

Kamakailan, naging successful ang ginanap na Super STRIKE Christmas party na naging mass oathtaking ng mga opisyal ng Business Associations of the City of Bacoor.

Ayon sa MIS-STAFF ng Bacoor City Government, ang matagumpay na programang ito ay binuksan ni Ms. Khei Sanchez na head ng Local Economic Development and Investment Promotion Office (LEDIPO),

Sa okasyon, kapwa nagbigay ng mahahalagang mensahe sina Mr. Christian Gawaran, head ng Business and Licensing Department ati Mr. Jayson Atienza, President ng Bacoor Chamber of Commerce sa kahalagahan ng pagsasama-sama ng mga negosyante sa lungsod upang mas mapabilis ang galaw at pag-unlad ng ekonomya at hanapbuhay ng mga mamamayan.

Naging resource speaker sa event sina District 2 City Councilor Reynaldo Palabrica at Cavite Area head ng SMART Regional Customer Development Group, Mr. Adel Orcena para magbigay ng mensahe at suporta sa lahat ng mga negosyante ng Bacoor.

Ang mass oathtaking, siyempre ay pinamunuan ni Mayor Strike B. Revilla na inilahad ang mga programa ng kanyang administrasyon upang mas mapasigla ang pagnenegosyo sa lungsod, lalo na nga at ngayon ay unti-unting bumabangon na ang paghahanapbuhay sa paghupa ng pandemyang Covid-19.




*Mabuhay ang mga negosyanteng Bacooreno: Ang kasayahan at panunumpa ng mg opisyal ng Bacoor Chamber of commerce ay pinasaya ni Mayor Strike B. Revilla( dulong kaliwa).*

Sa kanya namang mensahe, sinabi ni Vice Mayor Rowena Bautista-Mendiola na ang City Council ay laging nakasuporta sa mga adhikain ng business sector kaya nasabi niya, handang makinig ang administrasyon sa mga panukala nila na magpapabilis ng pagbangong ng ekonomya sa siyudad.

Siyempre, nagbigay ng kasiyahan ang ginanap na raffle draws, mini trade fair, at concert bilang maagang pagdiriwang ng Kapaskuhan. Strike as One tungo sa mas maunlad na Bacoor!

Nagkaroon din ng kasayahan ang mga Kabataang Bacooreño At Home Ngayong Pasko, na double celebration ng Children's Month at Christmas Tree Lighting.

Talagang Strike sa Serbisyong Bacooreno, di ba, Ms Khei Sanchez?

At bilang suporta natin kay Mayor Strike, sa pagpasok ng 2023, iniimbita namin ang mga negosyante ng Bacoor City na mag-anunsiyo sa BantayBalita at magbibigay kami ng 50 percent special discount sa ipalalathala nilang advertisement.

This 50 percent discount is being offered to all small businesses, lalo na yung magsisimula pa lamang at nais maipakilala ang kanilang negosyo, mga paninda at serbisyong iniaalok sa publiko.

Ang diskuwentong ito ay magsisimula sa Enero hanggang Marso 2023.

Mag-email lang sa domzcaoile@yahoo.com o sa taparaneliseo@gmail.com

Mag-usap po tayo, mga kapwa negosyante, maghihintay kami, at mabuhay kayo, Happy New Year.

# Sana, kasali na ang Naic sa "BBM" housing program

THANKS but no thanks, Senior Citizen party-list Rep. Rodolfo Ordanes.

Sanlibong (P1000) piso lamang bawat buwan ang kaya mong ipanukala na monthly pension sa mahihirap (indigent) senior citizens?

Tuwang-tuwa ka na, sabi mo Rep. Ordanes sa pangako ng kapwa mo kongresista sa posibilidad na magpatibay ng batas na monthly pension sa mga dugyot na seniors.

Kung mangyari ang panukala nyo, e pakikwenta kada araw ang magagastos ng isang benificiary ng buwanang sanlibong piso na pension, ay -- mahigit lang itong P33 pesos!

Limos itong panukala nyo, hindi kalinga, hindi malasakit, habang kayo, Rep. Ordanes ay busog na busog sa pribilehiyo, libo-libong pisong sahod, alawanses, iba pang pribilehiyon at perks ng isang "honorable congressman."

Bakit hindi gawing P1,500 o P2,000 isang buwan, plus mandatory na libreng medical services, libreng gamot at mas mataas na discount privilegess ang ibigay sa mga indigent senior -- na konting hugot na lang ng hininga, maggu-goodbye na!

Speaker Martin Romualdez, Senate President Juan Miguel Zubiri, bicam committee chairs Senator Sonny Angara at Ako Bicol party-list Rep. Elizaldy Co, asan ang malasakit nyo?

Sanlibong piso lang ang kaya nyong "ilimos" -- asan ang sinasabi nyong pagmamahal sa matatandang ilang araw o buwan o ilang taon na lang ang itatagal ang buhay?

Rep. Ordanes, your honor, imbes na matuwa ka, aba, magmarakulyo ka naman, ilaban mo ang kapwa mo seniors!

In relation to this, nanawagan ako sa ating regular Cavite congressman and one partylist representatives, at dalawang senador, ipagmalasakit naman po nyo ang ating matatanda, pwede po ba.



SA TOTOO LANG!

by GENE T. TAN

Imbes na P1000 a month, pwede po bang ipanukala nyo, gawing P1,500 o P2,000 a month sa mga indigent senior -- yung talagang walang-wala na talagang mapagkunan, at 'wag nang isali ang mga seniors na may regular na pension mula sa SSS o GSIS.

Sa mga kapwa namin kababayang Caviteno na nasa House at Senado, your honors, 1st District Cong. Jolo Revilla, 2nd Dist. Congw. Lani Mervado-Revilla, 3rd Dist. Cong. AJ Advincula, 4th Dist. Pidi Barzaga, 5th Dist. Congw. Dahlia Loyola, 6th Dist. Cong. Ony Ferrer, 8th Dist. Congw. Aniela Tolentino at Agimat partylist Rep. Bryan Revilla, mga bossing, baka naman po.

Latest news, inokeyan na sa Kamara ang panukala ni SCs partylist Ordanez at Bicol Ako partylist Co ang panukalang P1,000 kada buwan ayuda sa mga dugyot na SCs.

Boss Sen. Bong Revilla, Sir Atty. Francis Tolentino, your honors, ilaban naman nyo na mabigyan ng mas malaking buwang pension ang purdoy nating matatandang Pilipino!

@@@

Nasaksihan natin nitong nakaraang Lunes, Disyembre 5 ang pamimigay ng certificate of lot awards (CELAs) sa mga beneficiaries ng murang pabahay ng NHA.

Sa pagkaalam ko, mayroon nang ganito ring programa sa Naic, tama po ba ako?

Kasi, marami ang nagtatanong, bakit daw sa ipinamimigay na CELAs,

*Sundan sa p.7*

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

*Publisher:* HENRY E. CAOILE
*Editorial Consultant:* ELI TAPARAN II
*Executive Editor:* DOMZ B. CAOILE
*Special Projects Director:* ADELA R. ZAMORA
*Circulation Manager:* LIZA FE BONETE
*Contributing Writers:* NOLI LIWANAG
LUKAS DA SILVA
GENE T. TAN
ED 'MUTO' G. CUENCA
*Batangas Correspondent:* JOSE ALEX MASBAÑO
*Art & Production Manager:* ART BEJASA

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak o maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

# Azurin inspects Bulacan Firecrackers Shops

The Philippine National Police (PNP) Chief Police General Rodolfo S Azurin Jr along with government officials inspected stores selling firecrackers at Dinglasan Compound in Barangay Turo, Bocaue, Bulacan on Thursday.

PNP Chief Azurin was accompanied by Bulacan Governor Daniel R. Fernando, Vice Governor Alexis C. Castro, Geraldine M. Panlilio, Regional Director of Department of labor and Employment, Mayor Eduardo J. Villanueva, and other members of Pyrotechnics Regulatory Board (PRB).

"We are conducting this inspection to assure the public that the necessary provisions under the Republic Act 7183 on regulating, manufacturing, and distributing firecrackers are strictly implemented to ensure safe and peaceful celebration of the Yuletide season", PGen Azurin said.

Among other purposes of the inspection is also make sure that health safety protocols are being observed especially in the pyro marketplace, and to help promote the pyro industry by informing the public that fireworks are not totally banned in the country.

PGen Azurin and the rest of the members of inspection team checked every stall if they have the necessary permit to operate, fire protection device such as fire extinguisher, as well the size, weight and brand of the items followed the existing requirements.

Before the ocular inspection, a press conference was held, and Azurin reminded the public not to patronize illegal firecrackers as it could endanger lives.

"Ipagdiwang sana natin ng matiwasay, masagana at payapa ang darating na kapaskuhan at Bagong Taon. Iwasan natin ang paggamit ng iligal na paputok at huwag nating tangkilikin ang mga nagbebenta nito, bagkus ipagbigay alam agad ito sa tanggapan ng ating kapulisan upang matigil ang kanilang maling gawain at maiwasan ang disgrasyang maaring idulot nito", PNP Chief PGen Azurin said.

The stringent inspection is part of the PNPs continued crackdown against illegal firecrackers that are harmful to the people. **(PNP-PIO)**














# 283 Fall in PNP Crackdown vs. Guerilla E-Sabong

PHILIPPINE National Police (PNP) Chief Police General Rodolfo S Azurin Jr lauded the Central Visayas police for its anti-illegal gambling efforts particularly on aggressive operations against e-sabong activities that netted a total of 283 arrested persons from December 5-10, 2022.

Citing reports of Police Brigadier General Roderick Agustus B Alba, Regional Director Police Regional Office 7, PGen Azurin announced the arrest of 283 personalities including 276 gamers, three tellers, two referees and two operators during 6-day relentless police operations against E-sabong in Central Visayas.

According to PGen Azurin, during the police operations, operatives confiscated gambling bets amounting to Php155,779.00, eight computers, 52 cellphones. Police filed 109 cases in court against the arrested individuals.

"The PNP supports PAGCOR in implementing the instructions of President Ferdinand R Marcos Jr. to continue enforcing the nationwide suspension of all e-sabong activities and shutdown of all online infrastructure that patronize these illegal activites," PGen Azurin said.

PGen Azurin reminded all 17 Regional Directors and their respective Provincial Directors, as well as the Directors of CIDG and IG to strictly implement his directives on stopping all illegal gambling activities in their respective areas of responsibility, intensify the intelligence gathering on e-sabong operations, and to immediately conduct anti-illegal gambling operations.

"Tulong-tulong tayong sugpuin ang mga operasyon ng iligal na pasugalan sa bansa alinsunod sa kautusan ng ating Pangulong Ferdinand Marcos Jr upang mailigtas natin sa pagkakalulong sa sugal ang ating mga kababayan na nabiktima ng e-sabong na ito", PGen Azurin added. **/(PNP-PIO)**

# I am dreaming of a White Christmas...

**ni LIZA FE BONETE –** Yung mga nangangarap na makaranas ng malamig na Pasko na may yelo (snow), aba mayroon na nito sa Cavite.

Ayon sa Office of the Mayor of Silang, Atty. Kevin Anarna, may mapupuntahang 'white Christmas' na pasyalan sa kanilang bayan,

Sabi sa FB account ng alkalde: Dinarayo ngayon ang Christmas Pasyalan sa bayan ng Silang kung saan tampok ang mala-Winter Wonderland na theme.

Libre sa publiko ang Christmas Pasyalan sa bagong munisipyo ng Silang.

Bukod sa nakabighaning mga ilaw, tampok sa Christmas Village ang artificial snow machine at mayroon rin ditong Christmas Bazaar na pwedeng tikman ang sangkatutak na masasarap na pagkain habang nakikinig sa live band.

Sa mga nais maka-experience ng 'White Christmas', pumasyal na sa Silang.

Baka swerteng makita nyo roon si Mayor Kevin Anarna at si Vice Mayor Ted Carranza.

Mabigyan pa kayo ng gift at makapag-selfie pa kayo, kaya, tara na, pasyal na sa Silang.




Mayor Alston Kevin Anarna

Vice Mayor Ted Carranza

J BROTHER'S
Paluto kay Lakay

## PALUTO KAY LAKAY

219 BLOCK 17 - A, BASECO PORT AREA, MANILA

FOR RESERVATION • DELIVERY • CATERING • PACK MEAL

SMART: 09102260337
GLOBE: 09353129743

PALUTOKAYLAKAYBASECO

### SEAFOODS

| | w/rice (good for 1 person) | Ala Carte (good for 2-3 person) |
|---|---|---|
| Sweet & Sour Fish Fillet | 130 | 230 |
| Calamares | 120 | 200 |
| Breaded Fish Fillet | 120 | 200 |
| Breaded Fish in Butter | 120 | 200 |
| Fish Fillet Tausi | 120 | 200 |
| Fish Fillet w/ Tofu | 120 | 200 |

### SEAFOODS (good for 3-4 person)

| | ALA CARTE |
|---|---|
| Squid w/ Broccoli | 200 |
| Squid w/ Ampalaya | 200 |
| Fish Fillet w/ Broccoli | 200 |
| Fish Fillet w/ Ampalaya | 200 |
| Steam Fish Fillet w/Garlic | 220 |
| Shrimp Tempura | 220 |
| Shrimp Ampalaya | 220 |
| Breaded Shrimp | 220 |
| Breaded Shrimp in Butter | 220 |
| Buttered Shrimp | 220 |
| Honey Garlic Buttered Shrimp | 220 |










## AWS TIPS WHAT TO DO DURING TYPHOON:




- Keep the following items handy in case of a power outage: battery-operated radio, flashlights, spare batteries, rechargeable lamps, and candles.Keep your phones charged.
- Make sure you're not run out of potable water and always have a centralized safe and clean water to avoid any water-borne disease. If none,contact AWS 09279182878/09668963151
- Secure your important belongings on high ground.
- Keep all food and water containers covered and sealed.

ALFFEJEN WATER SERVICES

Thanks for Choosing AWS (ALFFEJEN WATER SERVICES) because.. "Your health Goal is AWS Goal"

As we experiencing Severe Tropical Storm "Paeng", Filipinos are renowned for being resilient in the face of a storm. All we need to do is be vigilant, alert, social media smart, and most importantly, keep faithful to Our Almighty God.

In addition, always keep a list of emergency phone numbers handy. Remember that flood water can contaminate well water with livestock waste, human sewage, chemicals, and other contaminants that can lead to illnesses when used for drinking, bathing, and other hygiene activities. Dug wells, bored wells, and other wells less than 50 feet deep are more likely to be contaminated, even if damage is not apparent.

If your water comes from a private well that has been flooded, consider the following guidance for making water safe and for emergency water sources until you are certain your water is free of contaminants and safe to drink.

Last but not least, be sure to have an adequate supply of food and clean and safe water in a covered and sealed containers.

If you want to have a AWS CENTRALIZED WATER TREATMENT SYSTEM, simply do a private message or contact us 09279182878/09668963151.

**We Install:**

- Centralized Water Filtration System for HOUSEHOLD, COMMERCIAL & INDUSTRIAL USE.
- Reverse Osmosis System (Purified Water Production) HOUSEHOLD, COMMERCIAL & INDUSTRIAL USE.
- Home and Office Alkaline Drinking Unit
- Alkaline, Purified, and Mineral Water Refilling station.

# TUPAD financial assistance sa Imus

**ni LUKAS da SILVA –** Sa hangadna matulungan na mapagaang ang buhay ng mga nawalan ng trabaho at pagkakitaan, nakipag-ugnayan ang pamahalaang lokal ng siyudad ng Imus sa Department of Labor and Employement (DoLE) tungkol sa programang tulong sa mga obrero.

Magkatuwang ang opisina ni City Mayor Alex 'AA' Advincula at ni Cavite 3rd District Rep. Adrian Jay 'AJ' Advincula, naisaayos ang pagbibigay ng financial assistance sa mga Imusenong kuwalipikado sa programang Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers (TUPAD) na ginawa sa Imus City Sports Complex sa Brgy Poblacion 1 sa lungsod.


Nabatid na mahigit sa 2,000 manggagawa ang nabiyayaan ng ayudang pinansiyal, sabi ng alkalde.

"Hangad ko po ang pag-angat ng buhay ng bawat Imuseño, kaya't umasa po kayo sa isang gobyerno na aalalay sa inyo," sabi ni Mayor AA sa harap ng mga nakatanggap ng ayuda -- na kasama ang kanilang pamilya.

Sumaksi sa payout, bukod kay Rep. AJ ang mga konsehal at ilang opisyal ng pamahalaang lungsod.

Sinabi ni Congressman AA ang lahat ng umatend sa aktibidad na nagharap na siya ng ilang panukalang batas sa Kamara na naglalayong mapabuti ang serbisyong medikal ng Ospital ng Imus, at mga panukalang tutulong sa pag-angat ng buhay at kabuhayan ng mamamayang Imuseno.

"Lahat po ay ginagawa natin upang bawat pamilyang Imuseno ay umasenso at makapamuhay nang mapayapa at masaya," sabi ng batambatang kongresista, kasunod ang pagbati ng "Maligayang Pasko" sa lahat.




**Ipinapaliwanag ni Mayor Alex 'AA' Advincula ang programang TUPAD sa ginawang 'Workers Payout' sa Imus City Sports Complex kamakailan.**



**Ikalima mula sa kaliwa, si Mayor Alex 'AA' Advincula, katabi si Rep. Adrian Jay 'AJ; Advincula at mga konsehal ng Sangguniang Panlungsod ng Imus.**

**Sa likuran ang pamilya ng mahigit sa 2,000 nabiyayaan ng ayuda mula sa programang TUPAD.**

# CCC TANZA IS NOW OPEN!

**PICAD –** The Provincial Government of Cavite under the leadership of Governor Juanito Victor C. Remulla, through the Provincial ICT Office - Education & Training Division, in partnership with YAP Education and the Municipal Government of Tanza, proudly announces the opening of CAVITE COMPUTER CENTER - TANZA SATELLITE OFFICE in Brgy. Bagtas, Tanza, Cavite.

Enroll now and get FREE and PRACTICAL Computer Literacy Training. To register, click here: or scan the QR code below.

To know more, visit PICTO CCC's official FB page: PICTO-Education & Training Division/ Cavite Computer Center




# Aneurysm: Paano maiiwasan

FROM a Facebook post, we copied this reminder to all of us, re the sudden death of singer Jovit Baldovino, 29 year-old.

Cause of Jovit's untimely demise was Aneurysm.

Short background: A brain aneurysm, also known as a subarachnoid hemorrhage (SAH), is a weak spot in the wall of a blood vessel inside the brain.

(Ito ay ang pagnipis ng blood vessel --ugat na daanan o dinadaluyan ng dugo--. at paglobo nito bunga ng matinding pagkapagod, pag-iisip at pagkabalisa (stress).

Some of the symptoms of this are:

1. Intense headache that comes on suddenly. (Bigla at matinding pagkirot ng ulo.)

2. Loss of consciousness. (Pagwala ng malay-tao.)

3. Nausea and vomiting. (Pagkahilo at pagsusuka.)

4. Drowsiness. (Sobrang pagka-antok.)

5. Loss of balance in things like walking and normal coordination. (Pagkawala ng balanse sa paglalakad at di-maayos na kilos.)

6. Stiff neck. (Matigas. masakit at di makilos na leeg.)

7. Dilated pupils. (Dilat na dilat na balintataw ng mga mata.)

8. Sensitivity to light. ( Pagkasilaw sa liwanag.)

9. Sudden blurred or double vision. (Biglang panlalabo ng paningin o ang dobleng pagtingin sa paligid.)

10. Drooping eyelid. (Nakalaylay o pagbagsak ng pilik-mata.)

11. Confusion or trouble with mental awareness. (Pagkalito o kawalan ng wisyo o tamang pag-iisip.)

12. Seizure. (Panginginig o di-makontrol na pangangatal ng katawan.)

Iwasan ang matinding pagkapagod, labis na pag-inom ng alak, paninigarilyo, paggamit ng ilegal na droga, sobrang pagpupuyat, labis na pagkain o pagtitiis ng gutom, pag-iwas sa pag-inom ng gamot sa mataas na presyon ng dugo, at iba pang sakit, at kakulangan ng tubig sa katawan.

Uminom ng anim o walo o higit pang baso ng tubig.

Makabubuting magpatingin, kumunsulta sa doktor.

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE ROSALINO FABIAN FRANCISCO AND PURIDAD IGNACIO DE GUZMAN

NOTICE is hereby given that the estate of the late spouses **ROSALINO FABIAN FRANCISCO,** who died on April 05, 1977 at Quezon City, Philippines and **PURIDAD IGNACIO DE GUZMAN,** who died on April 22, 2001 at the City of Las Piñas, Philippines, died intestate, without Will or testament and without any outstanding debts in favor of any person to entity, left a certain parcel of land situated in the Barrio of Maliksi, Municipality of Bacoor, Province of Cavite containing an area of Two Hundred Forty-Two square meters (242sqm.) covered by (New) ORIGINAL CERTIFICATE OF TITLE NO- OCT-0000010, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 278, Page No. 57, Book No. XXI, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 12, 19 & 26, 2022**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE SPOUSES DIONISIO P. PADILLA AND NATIVIDAD A. PADILLA AND DOMINADOR A. PADILLA WITH WAIVER OF SHARE

NOTICE is hereby given that the estate of the late **SPOUSES DIONISIO P. PADILLA,** who died intestate on April 26, 1997 at San Jose, Labrador, Pangasinan, and **NATIVIDAD A. PADILLA,** who died intestate on May 18, 2003 at San Jose, Labrador, Pangasinan, and **DOMINADOR A. PADILLA,** who died on June 9, 2018 at Veterans Memorial Medical Center North Ave., Brgy. Proj. 6, Diliman, Quezon City, the said decedents died intestate, without Will or testament and without outstanding debts in favor of any person or entity, left a parcels of land situated in Brgy. San Jose, Labrador, Pangasinan, covered by (1) Tax Declaration No. 16, Property Index No. 013-20-008-01-011, Cadastral Lot No. 6469-P, Agricultural Land Area: 1,800 sq. meters, residential: Land 640 sq. meters; and (2) Tax Declaration No. 20, Property Index No. 013-20-008-01-012, Cadastral Lot No. 6469-B, Land area: Residential 448 sq. meters, were Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 15, Page No. 4, Book No. XXII, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 5, 12 & 19, 2022**

# Sana, kasali...

*mula sa pahina 3*

mga taga-ibang lugar lamang at hindi raw kasali ang mga residente ng mga lupang pinagtayuan ng housing units.

Wala pong 'kasalanan' dito ang ating Pangulong Bongbong Marcos, kasi, programa ito ng nakaraang administrasyon, at umaasa po kami rito sa BantayBalita na sa susunod, itong mga opisyal ng NHA ay makaisip naman na magtayo ng katulad na housing projects sa mahihirap at walang bahay na lehitimong Naicquenos.

Dama natin ang "inggit" ng mga kababayan nating nakasaksi sa pagbibigay ng pabahay, at nasabi nila sa amin, bakit sa Naic laging "tambakan" ng taga-ibang lugar, at bakit wala yatang programa para sa mga Naicquenos ang national government.

Siguro po, ang sentimyentong ito ay nabanggit ng ating butihing Mayor Raffy Dualan at Vice Mayor Jun Dualan na kasama ni PBBM sa inspeksiyon ng housing units sa Brgy. Calubcob.

'Wag mawalan ng pag-asa, umaaksiyon na po ang ating pamahalaang lokal sa bagay na ito.

Umasa po tayo, kasama ang mga kaanak ko sa Brgy. Halang at sa bayan mismo ng Naic na magkakaprograma ng murang housing project ang NHA para sa ating "homeless" na Naicquenos.

Our LGU is working on it, with the help of our Gov. JonVic Remulla, 8th Cavite District Aniela Tolentino and of course, Vice Gov. Athena Tolentino, lalo na ang magkatuwang na pagkilos ng ating Mayor Raffy Dualan, Vice Mayor Jun Dualan at buong Sanggunian Bayan members, mangyayari ang ating pinapangarap.

Merry Christmas po at sana, sa 2023, makasali na tayo sa BBM (Build, Build More) program ni PBBM.

For any comments, message me at: sarfia926@gmail.com. am waiting po.

# PBBM thanks Palace press members for support in public information

PRESIDENT Ferdinand R. Marcos Jr. hosted a dinner for the members of the Malacañang Press Corps (MPC) Saturday night, thanking them for their support in public information.

Welcoming everyone, the President said attending a gathering and partaking in a meal is important during the holiday season, especially for Filipinos.

"It is always important to take… especially pagka ganito na ano, ganito na holiday lalo na sa Pinoy, ang Pasko, it's always important to take a step back a little bit, recharge and think again about what we are doing and that's what Christmas is to me," the President said in his brief message to the members of the MPC in Malacañang.

"So this is our version for all of you who have been so supportive… I know you have been working very, very hard to get the news out so that people know what's going on, what we are doing here," the chief executive said.

President Marcos thanked the members of the Palace press and extended his Yuletide message during the event.

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE ZACARIAS C. FLORES AND CONCEPCION R. FLORES WITH WAIVER OF RIGHTS

NOTICE is hereby given that the estate of the late **ZACARIAS C. FLORES AND CONCEPCION R. FLORES,** passed away without leaving any Last Will and Testament, who died on April 30, 2016 at San Juan, Dasmariñas, Cavite and June 24, 2015 at San Juan, Dasmariñas, Cavite, respectively, the said deceased during their lifetime was the occupant and awardees of the property being offered by National Housing Authority (NHA) located at Blk. 74 Lot 9 Avocado St., San Juan, Dasmariñas, Cavite, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 491, Page No. 100, Book No. XXI, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 28, DECEMBER 5 & 12, 2022**

## EXTRA-JUDICIAL PARTITION OF THE ESTATE OF THE LATE ARIEL CRUZ

NOTICE is hereby given that the estate of the late **ARIEL CRUZ,** died intestate on April 27, 2007 at Dasmariñas, Cavite, died without will or testament and without any outstanding obligations to whomsoever, he left a parcel of property situated at Alulod, Indang, Cavite and embraced in Property Title with nos. P-4532 Free patent 019242 Lot 10211 Cad 459-D containing an area of Five Hundred Eighty (580) square meters more or less and located at Brgy. Alulod, Indang, Cavite, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jose R. Bawalan, under Doc. No. 121, Page No. 25, Book No. XI, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 28, DECEMBER 5 & 12, 2022**







# Buksan pati bank deposit ng taong gobyerno


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 11 10.00 DECEMBER 12 - 18, 2022


*Totoo ba ito?*

## First time na mamimigay ng pang-'Noche Buena' sa Cavite City

SA official Facebook page ni Cavite City Mayor Denver Reyes Chua, ipinoste na sa kauna- unahang pagkakataon ay magkakaroon din ng 'Noche Buena' ang bawat bahay sa lungsod.

Ito ang nakaposte: "Naway maging masaya at puno ng pagmamahal ang Pasko nating mga Caviteño

"Sa mga hindi pa na dadalahan ng Noche Buena Pack abangan nyo kami sa inyong mga barangay. Sa mga hindi naman nabigyan ng ticket wag kayo mag alala pwede ninyo i update ang inyong House Hold ID sa City Planning Office para mabigyan namin kayo ng ticket at Noche Buena Pack.

"Tandaan po natin na gusto ni Mayor Denver Chua na Happy All"

Una rito, nagtayo ng pagamutan sa siyudad at naging busy ang city government sa pamimigay ng ayuda at iba pang tulong, lalo na sa mga seniors, PWDs, iba-ibang sector at sa mga naging biktima ng nakaraang kalamidad tulad ng bagyong 'Paeng.'

Nakaiintriga ang nakaposte sa FB, maitatanong: sa nakaraang administrasyon sa Cavite CityHall, walang namigay sa mga bahay-bahay ng pang-'Noche Buena'?



*Hawak ni Mayor Denver Reyes Chua (dulong kaliwa) ang isang pakete ng ipinamimigay na pang-Noche Buena na pinagkakatuwaan ng mga kasamang ginoo. /Mula sa FB ng alkalde.*



**Senator Bong REVILLA**



**Representative Arjo ATAYDE**

AWESOME actor turned politician Arjo Atayde is the new guy to watch, dear readers.

Why so: because he has filed a controversial bill which I want to pass the House of Representatives.

QC Dist. 1 Rep. Arjo wants to pass a law seeking to exclude government officials and employees from the coverage of Republic Act 1405 or the bank secrecy law.

Gusto ni Atayde -- son of actress Sylvia Sanchez -- na amendahan ang Section 2 ng Republic Act 1405 para maaalis ang pagbabawal na buksan ang mga confidential bank deposit.

With the amendment, all government officials and employees -- kahit ano pa ang posisyon niya sa gobyerno -- would not be covered by the absolute confidentiality that RA 1405 imposes on all deposits in banks or banking institutions, including investments in government bonds.

In his his bill, the neophyte solon said that while RA 1405 protects good and honest depositors, bad people and companies are using the said law to commit financial crimes.

Ginagamit daw sa pagtatago ng mga nakaw na yaman, laundering ng perang galing sa masama, at ang mga terrorista, nagagamit ang batas para maitago ang perang ginagamit sa pagpapabagsak sa ating gobyerno.

Atayde said: "Napapanahon nang amyendahan natin ang batas (bank secrecy law) na ipinasa halos 70 taon na ang nakalipas."

If his bill becomes a law, it will deter public servants from engaging in graft and corruption.

Magandang panukala, pero pumasa kaya ito sa House at sa Senado -- I doubt, pero sana, sana po, maging batas.

Good luck, Congressman Atayde!

@@@

Our kabayan Sen. Bong Revilla ay nagharap ng panukala na maibaba ang edad para matawag na legal na senior citizen ang isang mamamayang Pinoy sa edad na 56.

Pag umabot sa 60 taon pataas ang edad ng isang Pinoy, senior citizen na siya at ma-eenjoy na ang maraming beneopisyo ng RA 7432 tulad ng 20% discount pag kumain sa restoran, manood ng sine, sa transportasyon at marami pang pribilehiyo.

Siyempre, maraming nasa edad 50 pataas ay gustong-gusto ang panukalang ito ni Kabayang Sen. Revilla pero tila maging ang ilang kasama niya sa Senado, agad na tumutol, lalo na ang mga negosyante.

Katwiran ni Sen. Bong, marami raw ngayon na matatanda ang maagang namamatay at hindi na nae-enjoy ang mga pribilehiyo ng isang senior, kaya nais niyang maibaba ito sa 56.

Bakit hindi na lang gawin niya, pag sumapit ng 80-anyos, mabigyan na ng 50K o higit pa ang isang seniors, kasi talagang sa ngayon, bihira na ang umeedad ng 100 years para matanggap ang benepisyong 100K ng mga qualified centenarians.

Eniwey, magandang panukala, e pumasa kaya ang nais ni Sen. Revilla... sana po!



**THE PUBLISHER**

**by Henry E. CAOILE**

@@@

Umpisa sa Dis.27, atin nang iparehistro ang ginagamit nating SIM cards at tiyakin na tama, walang pekeng impormasyon tayo na ibibigay sa mga telcos.

Bukod sa malaking multa, makukulong pa ang magsa-submit ng mga pekeng information.

Maganda ito para yung mga scammer, mga kriminal na gumagamit ng SIM cards at iba pang gadyet sa kanilang masamang gawain ay madaling matutukoy at maparurusahan.

Happy reading, at mabuhay tayong lahat!

## SM Cares, HOPE... *mula sa p.1*

sa SM Dasmarinas at SM Rosario.

Kamakailan, naglagay ng malalaking plastic waste collection bin ang SM Cares at Plastic Credit Exchange and social enterprise HOPE sa dalawang SM Mall sa Cavite kaugnay ng programa ng responsableng pagtapon at paglikom ng basurang plastik na dati ay kung saan-saan lamang itinatapon.

Ayon kay Liza Silerio, VP for Corporate Compliance Group ng SM Supermalls at program director ng SM Environment and Sustainability, naglagay kamakailan ng plastic waste collection booth (PWCB)ng malaking mall ng SM -- na ngayon ay kapwa dinadagsa ng mga mamimile at namamasyal ngayong palapit na ang Pasko at Bagong Taon.

Kung dati ay kung saan-saan lang inilalagay at/o itinatapon ang botelyang plastik, bag, kahon at iba pang lalagyang plastik, sa PWCB na ang tamang tapunan ng basurang plastik ang mga mallgoers.

Nabatid na ang SM Dasmarinas at SM Rosario ang ika-13 at ika-14 na establisimyento na nilagyan ng PWCB.

Sa kasalukuyan, ayon kay Silerio matagumpay ang programa sa koleksiyon ng basurang plastik -- na sa halip na maitapon sa mga landfills o sa mga ilog, dagat, kanal o iba pang lugar na nagpaparumi sa kapaligiran, ang naiipong plastik ay nagagamit pa sa mas makabuluhan proyekto at gamit.

Sa pamamagitan ng mahusay na teknolohiya at proseso, napapalitan ng gamit ang mga basurang plastik bilang sangkap sa paggawa ng semento, bloke o malalapad na tuntungan at sahig at nire-resiklo para gawing bago at may magandang disenyong bote ng inuming tubig, silya, mesa at iba pa.

Matapos makolekta ang mga basurang plastik, trabaho ng HOPE na timbangin, uriin at dalhin sa mga kompanya o katuwang na establisimyento na magpoproseso sa mga iyon para muling magamit at mapakinabangan.

Sa kasalukuyan, matagumpay na nakolekta at naproseso na ng magkatuwang na programa ng SM Cares at HOPE ang 27,287.15 kilo ng plastik sa simula ng programa at ito ay katumbas ng 35,193.128 kilo ng $CO_2$, at 45,569.5405 kilo ng $CO_2$ na nabawas sa gamit na uling (coal).

Ayon kay Silerio, ang programa ay bahagi ng SM Cares na makalikha ng maayos at mabuting gamit ng plastik para malinis na kapaligiran at ekonomya ng bansa.

" xxx the program is part of SM Cares goal to create a circular economy for plastics in the country," sabi ni Silerio.

Aniya pa, laging katuwang ang SM Cares na mapamamalaging malinis ang ating komunidad.

"It's just one of our ways of being a responsible partner towards building sustainable communities," sabi ni Silerio.